*Panalangin ng mga Kristiyano sa Maghapon*

# Liturgy of the Hours

## Panalangin sa Takipsilim

Ika-28 ng Setyembre, 2023

{ Ika-25 Huwebes sa Karaniwang Panahon }

Liturgy of the Hours
EBREVIARY

*Tumayo at gawin ang tanda ng krus*

O Diyos, halina at ako'y tulungan.

— O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.

— Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

## Awit

Salamat sa ating D'yos, sa biyayang kaloob,
Sa tanim, mga ani, bungang nakabubusog.
Sumisibol ang laki, habang tao ay tulog,
Kailangan ng bukas, D'yos ay di lumilimot.

Sundin ang kalooban ng Diyos na dakila,
Sa gampaning tumulong, kailangan ang kapwa,
May pagkain ang gutom, kung mayro'ng maaawa,
Kung lahat may pag-ibig, di lamang sa salita.

Sa D'yos ay pasalamat, sa kanyang kabutihan,
Kaloob n'ya sa tao, ani ng kalikasan,
Sa ati'y pinahayag, plano't katotohanan,
Na tayo'y mahal niya, sa lahat ng nilalang.

*Umupo o tumayo*

## Mga Antipona at Salmo

*Antipona 1*

Nanikluhod ako sa 'yo, Panginoon, at ako'y pinagaling mo; pupurihin kita magpakailanman.

*Salmo 30*

*(Pasasalamat sa pagkaligtas sa kamatayan)*

O PANGINOON ko,
Sa iyong ginawa, kita'y pinupuri't ako'y iniligtas,
Kaya ang kaaway ay di na nakuhang matuwa't magalak.

Ako ay dumaing,
At sa pagtawag ko,

Tinulungan ako ng PANGINOONG aking Diyos,
Pinagaling ako sa taglay kong sakit, ako ay ginamot.
Mula sa libingang
Daigdig ng patay, hinango mo ako at muling binuhay;
Ako, na kasama nilang napabaon sa kailaliman.

Purihin ang PANGINOON,
Siya ay awitan ng lahat ng tapat na mga hinirang.
Iyong gunitain ang mga ginawa ng Diyos na Banal,
Ang kanyang ginawa ay alalahanin at pasalamatan!
Hindi nagtatagal
Yaong kanyang galit, at ang kabutihan niya'y walang wakas.
Ang abang may hapis at tigmak sa luha sa buong magdamag,
Sa bukang-liwayway ay wala nang lungkot, kapalit ay galak.

Kaya't sa nadamang
Pagkalinga niya'y nagtiwala akong hindi maaano,
At aking nawika sa aking sarili:
"Kahit na kailan hindi matatalo."
Kay buti mo, PANGINOON!
Ako'y iningatan sa kutang matibay na animo'y bundok,
Subalit nang ikaw'y lumayo sa akin ako ay natakot.

Tinawag ko ikaw,
At aking hiniling sa iyo,
O PANGINOON, na ako'y tulungan.
Anong kabutihan
Ang maidudulot kung ako'y mamatay?
Kung ako'y malibing, anong pakinabang ang iyong kakamtan?
Magpupuri pa ba ang mga wala na, matapos pumanaw?
Maihahayag ba ng mga patay na, ang 'yong kabutihan?

Kaya't ako'y dinggin,
Ikaw ay mahabag sa akin, O PANGINOON, ako ay pakinggan;
Mahabag ka, PANGINOON! Ako ay dinggin mo at iyong
tulungan.
Iyong pinawi na,
Itong aking lungkot, sumasayaw ako sa galak at tuwa!
Nadama ko'y galak nang iyong hubarin ang aking panluksa.
Di ko titigilan

Yaring pagpupuri, di ako titigil sa aking pag-awit,
Ang pasasalamat sa iyo, O PANGINOON, ay di mapapatid.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Nanikluhod ako sa 'yo, Panginoon, at ako'y pinagaling mo; pupurihin kita magpakailanman.

*Antipona 2*

Siya na walang kasalanan sa mata ng Panginoon ang tunay na mapalad.

*Salmo 32*

*(Mapalad silang pinatawad sa kanilang mga sala)*

Mapalad ang tao na pinatawad na yaong kasalanan,
At nalimot na rin ang kanyang nagawang mga pagsalansang;
Mapalad ang taong sa harap ng PANGINOON ay di naparatangan
Dahilan sa siya ay di nagkasala at hindi nanlinlang.

Noong hindi ko pa naipahahayag yaring kasalanan,
Sa buong maghapon ako'y nananangis sa matinding lumbay;
Sa araw at gabi, bigat ng kamay mo ang nararamdaman,
Anupat wala nang nalalabi akong lakas sa katawan,
Hamog ang kaparis na dagling natuyo sa sikat ng araw.

Ako ay lumapit sa iyong harapan at sala'y inamin,
Ang aking ginawang mga pagsalansang di ko inilihim;
Pinagpasiyahan kong ang lahat ng ito sa iyo'y idaing,
At aking natamo ang iyong patawad sa sala kong angkin.

Ang lahat ng tapat, sa panahong gipit dapat manalangin,
Upang bumugso man ang malaking baha'y di sila abutin.
Kublihan ko'y ikaw, ikaw ang sasagip kung nababagabag,
Aking aawitin ang pagkakalinga at 'yong pagliligtas.

Ang sabi ng PANGINOON, "Aking ituturo ang 'yong daraanan,
Ako ang sa iyo'y magbibigay-payo, kita'y tuturuan.

H'wag kang tumulad sa iyong kabayo o sa iyong mola,

Na para tumigil ay kailangan pang hatakin ang renda."
Mapaparusahan, tiyak magdurusa yaong masasama,
Wagas na pag-ibig ang dulot ng PANGINOON sa nagtitiwala.

Lahat ng matuwid at tapat sa PANGINOON, magalak na lubos,
Dahil sa natamo nilang kabutihang kaloob ng Diyos;
Sumigaw sa galak ang lahat ng taong sa kanya'y sumunod!

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Siya na walang kasalanan sa mata ng Panginoon ang tunay na mapalad.

*Antipona 3*

Ipinagkaloob ng Ama kay Kristo ang lahat ng kapangyarihan, karangalan at paghahari. Ang lahat ay tatalima sa kanya.

*Awit: Pahayag 11:17-18; 12:10b-12a*

*(Ang hatol ng Diyos)*

PANGINOONG Diyos na Makapangyarihan sa lahat,
Diyos sa kasalukuyan, at sa nakaraan,
Nagpapasalamat kami na ginamit mo
Ang iyong walang hanggang kapangyarihan
At nagpasimula ka nang maghari!

Nagngingitngit ang mga di kumikilala sa Diyos.
Ngunit dumating na ang panahon ng iyong poot,
Ang paghatol sa mga patay,
At pagbibigay ng gantimpala sa mga propetang lingkod mo,
At sa iyong mga hinirang,
Sa lahat ng may takot sa iyo, dakila ma't hamak.
Panahon na upang lipulin mo ang mga nagpahirap sa sanlibutan.

Dumating na ang pagliligtas ng Diyos!
Ipinamalas na niya ang kanyang kapangyarihan bilang Hari!
Ipinamalas na ng Mesias ang kanyang karapatan!
Pagkat pinalayas na sa langit ang umuusig araw at gabi sa mga kapatid natin.

Nagtagumpay sila laban sa diyablo
Sa pamamagitan ng dugo ng Kordero
At ng kanilang pagsaksi sa katotohanan;
Hindi sila nanghinayang sa kanilang buhay.
Kaya't magalak kayo, kalangitan,
At lahat ng naninirahan diyan!

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Ipinagkaloob ng Ama kay Kristo ang lahat ng kapangyarihan, karangalan at paghahari. Ang lahat ay tatalima sa kanya.

*Umupo*

## Pagbasa ng Salita ng Diyos

*1 Pedro 1:6-9*

Ito'y dapat ninyong ikagalak, bagama't maaaring magdanas muna kayo ng iba't ibang pagsubok sa loob ng maikling panahon. Ang ginto, na nasisira, ay pinararaan sa apoy upang malaman kung talagang dalisay. Gayon din naman, ang inyong pananampalataya, na higit kaysa ginto, ay pinararaan sa pagsubok upang malaman kung talagang tapat. Sa gayon, kayo'y papupurihan, dadakilain, at pararangalan sa Araw na mahayag si Hesukristo. Hindi ninyo siya nakita kailanman, ngunit siya'y inibig na ninyo. Hindi pa rin ninyo siya nakikita magpahanggang ngayon, ngunit nananalig na kayo sa kanya. Dahil dito'y nag-uumapaw na sa inyong puso ang kagalakang di kayang ilarawan sa salita. Sapagkat inaani na ninyo ang bunga ng inyong pananampalataya — ang inyong kaligtasan.

*Tugunan*

Binigyan tayo ng Panginoon ng pagkain, ang tinapay mula sa pinakamagandang trigo.

— Binigyan tayo ng Panginoon ng pagkain, ang tinapay mula sa pinakamagandang trigo.

Para sa ikagagalak ng ating puso,

— ang tinapay mula sa pinakamagandang trigo.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.

— Binigyan tayo ng Panginoon ng pagkain, ang tinapay mula sa pinakamagandang trigo.

*Tumayo*

## Papuring Awit ni Maria

*Antipona*

Ibinagsak ng Diyos ang mga hari mula sa kanilang trono, at itinaas ang mga nasa abang kalagayan.

*Lukas 1:46-56*

*Gumawa tanda ng krus*

Ang puso ko'y nagpupuri sa Panginoon,
At nagagalak ang aking espiritu dahil sa Diyos na aking tagapagligtas.
Sapagka't nilingap niya ang kanyang abang lingkod!

At mula ngayon, ako' y tatawaging mapalad ng lahat ng salinlahi,
Dahil sa mga dakilang bagay na ginawa sa akin ng Makapangyarihan —
Banal ang kanyang pangalan!

Kinahahabagan niya ang mga may takot sa kanya,
Sa lahat ng sali't saling lahi.
Ipinakita niya ang lakas ng kanyang mga bisig,
Pinangalat niya ang mga palalo ang isipan.

Ibinagsak niya ang mga hari mula sa kanilang trono,
At itinaas ang mga nasa abang kalagayan.

Binusog niya ng mabubuting bagay ang mga nagugutom,
At pinalayas niyang wala ni anuman ang mayayaman.

Tinulungan niya ang kanyang bayang Istael,
Bilang pagtupad sa pangako niya saating mga magulang,
Kay Abraham at sa kanyang lahi, magpakailanman!

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Ibinagsak ng Diyos ang mga hari mula sa kanilang trono, at itinaas ang mga nasa abang kalagayan.

## Pangkalahatang Panalangin

Ang pag-asa natin ay nasa Diyos, na nagbibigay sa atin ng tulong. Tumawag tayo sa kanya at wikain:

— Panginoon, lingapin mo kaming iyong mga anak.

Panginoon, aming Diyos, gumawa ka ng walang hanggang tipan sa iyong sambayanan,
ipaalala sa amin tuwina ang iyong wagas na kabutihan.

— Panginoon, lingapin mo kaming iyong mga anak.

Tulutan mong umunlad tungo sa ganap na pag-ibig ang iyong mga ministrong hinirang,
at panatilihing nagkakaisa ang iyong sambahayan sa buklod ng kapayapaan.

— Panginoon, lingapin mo kaming iyong mga anak.

Samahan kami sa pagtatayo ng isang makataong pamayanan,
sa pagtatayo nito, ang hirap namin ay huwag nawang masayang.

— Panginoon, lingapin mo kaming iyong mga anak.

Sa iyong ubasan magpadala ka ng mga manggagawa,
at papurihan ang iyong ngalan sa lahat ng mga bansa.

— Panginoon, lingapin mo kaming iyong mga anak.

Tanggapin upang makapiling ng mga banal, ang mga yumaong mahal namin sa buhay,
upang makihati kami sa kanilang kasiyahan balang araw.

— Panginoon, lingapin mo kaming iyong mga anak.

*Ama Namin*

Ama namin, sumasalangit Ka
Sambahin ang ngalan Mo
Mapasaamin ang kaharian Mo
Sundin ang loob Mo

Dito sa lupa, para nang sa langit.
Bigyan Mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw araw.
At patawarin Mo kami sa aming mga sala,
Para nang pagpapatawad namin
Sa mga nagkakasala sa amin.
At huwag Mo kaming ipahintulot sa tukso,
At iadya Mo kami sa lahat ng masama.
Sapagkat Iyo ang kaharian, at kapangyarihan,
At ang kadakilaan, magpakailanman.

## Pangwakas na Panalangin

Ama,
pinagliliwanag mo ang gabi
at sa bukang-liwayway, pinangangalat mo ang dilim.
Tulutan mong lumipas itong magdamag
nang ligtas at malayo sa kapangyarihan ni Satanas,
at upang purihi't mapasalamatan ka namin pagdating ng bukas.
Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Hesukristo,
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

— Amen.

*Paghayo*

Pagpalain nawa tayo ng panginoon, iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.

— Amen.

PANALANGIN NG MGA KRISTIYANO SA MAGHAPON

Ang mga tekstong biblikal at mga Papuring Awit na ginamit ay halaw mula sa MAGANDANG BALITA BIBLIA. Karapatang-sipi @ 1973, Philippine Bible Society, U.N. Ave., Manila.

Ang mga titik ng mga Awit at ang mga disenyong pansining ay likha ni Padre Mar DJ Arenas.

Karapatang-sipi @ 1994, LUPON REHIYONAL UKOL SA TAGALOG SA LITURHIYA.

Archdiocesan Liturgical Commission, Manila

mobile prayers

Liturgy of the Hours
EBREVIARY

United States of America
*www.ebreviary.com*